

BE SAFE ★
CHICAGO ★



**Maging Ligtas. Mas
Mataas na Edukasyon**



Ang maingat na muling pagbubukas ng Chicago ay nangangailangan ng:

Mga malusog na pakikisalamuha

Paglayo sa kapwa



Mga limitasyon sa pisikal na layo mula sa ibang indibidwal

Laki ng pagpupulong



Mga limitasyon sa mga pagpupulong ng mga indibidwal

Pamprotektang gamit



Paggamit ng pamprotektang gamit ng mga indibidwal

Mga kinakailangan para sa kalinisan



Pagtiyak ng malinis na pakikisalamuha (hal., paghugas ng kamay)

Mga ligtas na espasyo at kondisyon

Access sa pagpasok



Kondisyon para sa paglabas/pagpasok para sa access sa espasyo

Mga pamantayan sa paglilinis



Mga ginawa para disimpektahan ang espasyo

Nakitang patnubay



Mga mapagkukunan sa kalinisan at gabay na nakapaskil sa espasyo

Mga kondisyon sa lugar ng trabaho



Pagsusuri ng dami ng taong naglalakad, bentilasyon, atbp.

Matatag na mga operasyon at pagsubaybay

Mga modelong may pleksibilidad



Pleksibilidad pagdating sa pagliban dahil sa sakit, pagtrabaho mula sa malayo (kapag posible)

Matatag na mga operasyon



Suporta para sa pleksibilidad ng operasyon (hal., maraming shift)

Mga alituntunin sa pagbiyahe




Paghihigpit sa paggalaw ng mga tao sa pagitan ng mga lokasyon

Pagsusuri / pagsubaybay



Pangangasiwa ng pagsusuri at pagsubaybay



Ano ang maaaring maging iba?

- 1 Mga nakikitang palatandaan** na nakapaskil sa buong pasilidad tungkol sa kalinisan, paglayo mula sa kapwa, PPE at higit pa
- 2 Ang mga kaugnay na serbisyo** (hal., serbisyo sa pagkain) ay tumatakbo ayon sa mga alituntunin ng naaangkop na industriya
- 3 Mayroong mga produktong panlinis** na magagamit sa bawat silid-aralan, cafeteria, o iba pang espasyo ng pagtitipon
- 4 Ang mga pasilyo ay inayos o nagmumungkahi** ng mga daloy ng trapiko upang limitahan ang pagtitipon ng mga tao
- 5 Hindi bababa sa 6 na talampakang layo** sa pagitan ng lahat ng mga mag-aaral sa isang silid-aralan
- 6 Dapat isuot ang mga pantakip sa mukha** ng lahat ng mga indibidwal sa lahat ng oras

- Inirerekomandang patnubay -



Hikayatin ang pagdistansya sa kapwa > 6 na talampakan sa mga karaniwang lugar (hal., mga lobby, pasilyo, silid)

- Tiyakin ang hindi bababa sa 6 na talampakang paglayo sa kapwa sa pagitan ng mga tauhan, guro, at mag-aaral sa buong pasilidad (hal., mga lobby, kuwarto)
- Maglagay ng mga pamprotektang harang sa pagitan ng mga istasyon (hal., mga computer) kung saan hindi maari ang paglayo sa kapwa
- Maaaring ituring na isang sambahayan ang mga estudyanteng nakatira sa iisang dormitoryo/apartment upang mapayagan ang pagkakaroon ng higit sa isang okupante kada kuwarto
- Tiyakin na isinasagawa ng bawat tao sa klase ang paglayo sa kapwa na hindi bababa sa 6 na talampakan sa buong lugar, pati na sa pagpasok/paglabas



Limitahan ang kapasidad ng silid-aralan sa 40%, at hindi hihigit sa 50 indibidwal

- Para sa mga klaseng personal na dinadaluhan, limitahan ang bilang ng mga tao sa kuwarto sa 40%, nang hindi lalagpas sa 50 indibidwal (habang pinapanatili pa rin ang paglayo sa kapwa nang 6 na talampakan)
- Limitahan sa hindi hihigit sa 50 indibidwal ang lahat ng pagtitipon ng mga indibidwal (hal., mga empleyado, estudyante, pangkalahatang publiko) sa mga cafeteria, mga meeting room, at ibang lugar para sa pagtitipon¹
- Limitahan ang pagsasama-sama ng estudyante at guro sa mga pasilyo
- Gawing mas epektibo ang paggamit sa elevator, maglagay ng mga marka sa sahig at/o karatula, at bawasan ang dami ng taong nagtitipon sa mga lobby ng elevator at iba pang pampublikong lugar kung maari

1. Madaragdagan ang mga paghihigpit sa pagtitipon at kapasidad sa buong Yugto 4 kasunod ang mga takbo ng mga sukatan sa kalusugan at alituntunin mula sa CDPH



Iatas sa lahat ng mga indibidwal ang pagsuot ng mga pantakip sa mukha

- Iatas ang paggamit ng mga pantakip ng mukha sa ibabaw ng ilong at bibig (maaaring may mga pagbubukod para sa mga taong may mga medikal na kondisyon o mga kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha)
- Huwag iatas ang pagsuot ng mga pantakip sa mukha sa anumang lugar kung saan maaari itong maging mapanganib (hal., espesyal na laboratoryo); kung hindi maaari ang pagsuot ng mga pantakip sa mukha, magsagawa ng mga dagdag na pag-iingat (hal., paglayo sa kapwa)
- Maaaring alisin ng mga tauhan, guro, at mga estudyante na nasa mga indibidwal na espasyo sa opisina o mga indibidwal na kuwarto ang kanilang mga pantakip sa mukha kapag sila'y mag-isa, ngunit kailangan isuot ang mga ito kapag paalis na sa kanilang mga espasyo o kapag may lumapit sa kanila



Maglagay ng sanitizer sa kamay sa mga pasukan at labasan, at sa buong pasilidad

- Maglagay ng personal na mapagkukunan ng panlinis para sa mga empleyado at estudyante sa lahat ng pangunahing lugar sa buong eskwelahan, pati na sa mga madalas na hawakang bagay at mga common area (hal., mga pasukan sa mga gusali, sa labas ng banyo at mga cafeteria)
- Hikayatin ang mga tauhan at mag-aaral na maghugas ng kamay pagpasok nila sa mga pasilidad, at regular itong gawin buong araw
- Limitahan ang paggamit ng mga pinaghahatiang gamit at kagamitan (hal., mga keyboard)
- Hikayatin ang mga empleyado na magkumpleto ng pagsasanay sa kalusugan at kaligtasan na nauugnay sa COVID-19 sa pagbalik sa trabaho

Maging Ligtas. Mas Mataas na Edukasyon

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Suriin ang mga pasukan at labasan para higit na makamit ang paglayo sa kapwa at limitahan ang pisikal na pakikisalamuha

- Bago lumabas ng bahay, hinihikayat ang lahat ng indibidwal na tukuyin sa sarili ang mga sintomas at manatili sa bahay kung mayroon sila ng mga sintomas
- Bago ang pagpasok sa campus o mga gusali, o pagdalo sa iba pang kaganapan sa paaralan, ang mga kawani at mag-aaral ay dapat suriin ang kanilang sarili (hal., palatanungan, tingnan ang appendix) upang matiyak na walang mga sintomas ng COVID 19
- Pagbawalang pumasok ang sinumang indibidwal na sinusubukang pumasok sa gusali/campus na may sakit o nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19
- Payagan ang pagpasok ng bisita sa eskwelahan kung sumusunod ito sa pangunahing alituntunin sa kalusugan ng publiko (hal., mga pantakip sa mukha, pagdistansya sa kapwa at paghuhugas ng kamay)
- Magtalaga ng one-way na pasukan/labasan para sa bawat gusali, kung saan maaari

- Inirerekomendang patnubay -





Maglinis araw-araw at nang mas madalas sa/sa paligid ng mga lugar na madalas dinadaan

- Sundin ang mga alituntunin sa paglilinis na ibinalangkas ng CDC
- Tiyakin na mayroong mga magagamit na panlinis na produkto sa bawat silid-aralan, cafeteria, o iba pang lugar ng pagtitipon, at iatas sa mga estudyante na disimpektahan ang mga pinaghahatiang kagamitan o muwebles bago at matapos ang bawat paggamit
- Linisan at disimpektahan ang mga silid-aralan, lab, at kuwarto para sa conference pagkatapos ng bawat araw
- Disimpektahan ang mga pinaghahatiang lugar para sa pagtatrabaho (hal., mga security post) sa pagitan ng bawat shift
- Madalas na hugasan/linisin ang mga banyo, hawakan ng pintuan, switch ng ilaw, opisina, at iba pang mga lugar at gamit na madalas hawakan
- Para sa mga tirahan sa eskwelahan na may mga banyong ginagamit ng marami, tiyakin ang madalas na paglilinis at pagdisimpekta sa lugar; maglagay ng mga produktong panlinis sa mga shared banyo para sa paggamit ng estudyante, kung saan maaari
- Para sa mga tirahan sa eskwelahan na may mga indibidwal/suite-style na bathroom, maglagay ng karatula upang paalalahan ang mga estudyante ukol sa tamang pamamaraan ng paglilinis at upang hikayatin ang madalas na paglilinis at pagdisimpekta



Maglagay ng mga palatandaan sa mga pasukan/labasan at iba pang lugar na madalas daanan

- Maglagay ng nakikitang patnubay sa mga pamantayan sa kalinisan, paglayo sa kapwa, at mga protokol sa paglilinis
- Kung saan maaari, pag-isipang maglagay ng mga nakikitang marka na 6 na talampakan ang layo para hikayatin ang paglayo sa kapwa
- Kung maaari, gumamit ng mga nakikitang tanda para ibahin ang daloy ng trapiko para bawasan ang pakikisalamuha sa pagitan ng mga indibidwal (hal., pagtatalaga ng mga lugar na pasukan/labasan)
- Maglagay ng mga nakikitang palatandaan tungkol sa pinakamaraming bilang ng tao sa lahat ng ginagamit na silid-aralan

- Inirerekomandang patnubay -



Tukuyin ang lahat ng masisikip na lugar (hal., mga pasilyo, pasukan), at tiyaking nasusunod ang mga pag-uugali para sa paglayo sa kapwa

- Hikayatin ang mga indibidwal na gumamit ng mga bote ng tubig na magagamit muli, at maglagay ng mga natatapong baso malapit sa mga drinking fountain, kung saan maaari; itaguyod ang wastong paggamit ng mga drinking fountain (hal., huwag ilapit ang nguso sa labasan ng tubig at maghugas ng mga kamay matapos humawak sa mga patungan at kagamitan)
- Kung saan maaari, alisin ang muwebles sa mga lugar na ginagamit ng lahat upang isulong ang paglayo sa kapwa (hal., mga lobby at residence hall)
- Hikayatin ang paggamit ng mga hagdanan, at kung maaari, ayusin ang daloy ng trapiko para maging one-way
- Patakbuhin ang mga kaugnay na serbisyo (hal., paghahanda ng pagkain, retail, mga fitness center) alinsunod sa mga alintuntunin ng naaangkop na industriya



Gumawa ng mga estratehiya upang matiyak na ligtas na makapagbubukas muli ang pabahay sa campus

- Gumawa ng patakaran sa paglipat na nagbabawas sa mga pakikisalamuha (hal., kontrolin ang daloy ng paglabas at pagpasok ng mga tao, mag-iskedyul ng mga oras ng paglipat)
- Magbigay ng makatwiran at naaangkop na akomodasyon para sa paghiwalay at pag-quarantine ng mga estudyanteng nakatira sa eskwelahan
- Limitahan ang mga bisita sa mga resident hall ng eskuwelahan; Dapat sumunod ang lahat ng bisita sa mga alituntunin sa kalusugan (hal., mga pantakip sa mukha, paglilinis sa kamay at paglayo sa kapwa)
- Limitahan sa hindi hihigit sa 50 indibidwal ang pagpupulong sa mga espasyo sa residence hall na ginagamit ng lahat, habang pinanatili ang paglayo sa kapwa; hikayatin ang mga estudyante na makisali sa mga nasa labas na aktibidad para sa pakikisalamuha, kung naaangkop
- Subaybayan ang mga pagtitipon ng mga indibidwal sa mga residence hall sa pamamagitan ng nakatuong tauhan (hal., mga RA), kung naaangkop
- Sumangguni sa mga alintunin ng Lungsod ng Chicago para sa Mga Pantahanang Gusali at/o Mga Hotel at Akomodasyon para sa karagdagang patnubay sa pagpapatakbo ng mga residence hall, kung kinakailangan (hal., mga pag-tour sa mga common space ng resident hall, mga mailroom)



Ipagpatuloy ang pagtrabaho mula sa malayo hangga't maaari


- Magbigay ng makatwiran at naaangkop na akomodasyon para sa mga pagtatrabaho at pag-aaral mula sa malayo ng mga estudyante, guro, at tauhan na nasa mas mataas na peligro sa pagkakaroon ng malalang sakit
- Hikayatin ang mga guro na magtrabaho mula sa malayo hangga't maaari
- Hinihikayat ang mga guro na magtakda ng virtual na oras ng tanggapan kapag hindi posible ang paglayo sa mga indibidwal na opisina

Iba-ibahin ang oras ng mga shift at gumawa ng mga pangkat

- Kung maaari, iba-ibahin ang oras ng mga shift at igrupo ang mga indibidwal sa mga hindi nagbabagong pangkat
- Hikayatin ang paggamit ng putol-putol na araw ng trabaho/linggo ng trabaho para mabawasan ang dami ng taong nananatili sa isang lugar

Limitahan ang paglalakbay na sagot ng paaralan; sundin ang gabay ng CDC sa pagbabalik mula sa paglalakbay

- Suspendihin ang pagbiyahe sa loob at labas ng bansa; may pagbubukod para sa esensyal na pagbiyahe na may paunang pag-apruba para sa mga kritikal na layunin lamang
- Bumuo ng mga pamamaraan at komunikasyon para sa pagpapa-quarantine ng sarili sa mga mag-aaral, guro, at mga kawani kapag bumalik mula sa paglalakbay alinsunod sa gabay ng CDC
- Ang sinumang internasyonal na empleyado o mag-aaral na bumalik sa campus ay dapat mag-quarantine ng sarili ayon sa gabay ng CDC ([batay sa pangkalahatang gabay sa paglalakbay](#) at [patnubay na partikular sa bansa](#))



Pagsusuri/
Pagsubaybay

Sundin ang mga patnubay ng CDPH at CDC para sa mga protokol para sa pagsusuri at pagsubaybay

- Kung ang empleyado o mag-aaral ay magkaroon ng COVID 19, dapat nilang sundin ang lahat ng mga alituntunin ng CDC bago bumalik sa trabaho / mga klase
- Kung natukoy ang isang empleyado o mag-aaral bilang positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat gawin ang paglinis at pagdisimpekta ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Ang sinumang empleyado o mag-aaral na may malapit na pakikipag-ugnayan sa sinumang tao na nasuri na may COVID 19, o naglakbay sa isang may mataas na peligro na lugar ayon sa itinakda ng CDC, ay dapat na mag-quarantine ng sarili ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Kung nalaman ng gusali o pasilidad na may 2 o higit pang kaso na maaaring nauugnay sa isang lugar o negosyo sa loob ng magkakasunod na 14 na araw, kailangang iulat ng mga employer ang mga kaso sa CDPH
- Sundin ang lahat ng mga patnubay ng CDPH at sumunod sa mga rekomendasyon ng CDPH bilang tugon sa paglaganap ng sakit sa lugar ng trabaho



Glosaryo

Paghugas ng kamay: Ang kilos ng puspusang paglilinis ng sariling mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o paggamit ng pandisimpekta na may kakayahang tanggalin ang virus na nagdudulot ng COVID-19

Paglayo sa kapwa: Ang pisikal na paglayo nang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal, o grupo ng mga indibidwal.

Pagtitipon: Isang grupo ng indibidwal na hindi mula sa iisang sambahayan na bahagi ng hindi planado o planadong kaganapan na nagtitipon nang higit sa sampung minuto

PPE: Personal protective equipment, o personal na kagamitang pamprotekta (hal., pantakip sa mukha, goggles, pangharang sa mukha); iba-iba ang mga kailangan batay sa industriya at mga partikular na sitwasyon

Pagsusuri sa sarili: Protokol kung saan sinasagutan ng isang empleyado ang mga tanong sa simula ng isang shift. Maaaring kabilang sa mga tanong ang mga sumusunod, sa ilalim ng patnubay ng Komisyonado ng Kalusugan:

- Nagkaroon ka ba ng temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit o gumamit ka ba ng pampababa ng lagnat sa nakaraang 24 na oras para gamutin ang temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit?
- Mayroon ka bang bagong ubo na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bago o lumalalang pananakit ng lalamunan na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bagong pangangapos ng hininga na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Nagkaroon ka ba ng kumpletong pagkawala ng pang-amoy o panlasa kamakailan lamang?

Halimbawang palatanungan para sa pagsusuri sa sarili



Pangkalahatang
patnubay sa
lugar ng trabaho

Patnubay sa
Mas Mataas
na
Edukasyon

Pahayag ng
Pagtanggap

Mga pambansang dulugan para sa karagdagang patnubay

CDC – *Activities and Initiatives Supporting the COVID-19 Response and the President's Plan for Opening America Up Again (Mga Aktibidad at Inisyatibong Sumusuporta sa Pagtugon sa COVID-19 at ang Plano ng Pangulo para sa Pagbubukas Muli ng Amerika):*

<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/php/CDC-Activities-Initiatives-for-COVID-19-Response.pdf>

CDC – *Guidance for Businesses and Workplaces (Gabay para sa Mga Negosyo at Lugar ng Trabaho)* <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/businesses-employers.html>

OSHA *Guidance on Preparing Workplaces for COVID-19 (Gabay sa Paghahanda ng Mga Lugar ng Trabaho para sa COVID-19):* <https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf>

BHE-Safely Launching Academic Year 2020 (Ligtas na Pagsisimula ng Taong Akademiko na 2020): https://www.ibhe.org/pdf/IBHE_Guidance_062220.pdf

US Department of Education – *COVID-19 Information and Resources for Schools and School Personnel (Impormasyon at Dulugan ukol sa COVID-19 para sa Mga Paaralan at Tauhan ng Paaralan):* <https://www.ed.gov/coronavirus>

CDC – *Guidance for colleges and universities (Gabay para sa mga kolehiyo at unibersidad):* <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/colleges-universities/index.html>

Karagdagang Patnubay Mula sa CDC – *Reopening guidance on cleaning (Gabay sa muling pagbubukas ukol sa paglilinis):* <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/reopen-guidance.html>

Ang anumang mga link na ibinigay sa dokumentong ito ay para sa layunin ng kaginhawaan at pagbibigay ng impormasyon lamang; hindi ito pag-endorso o pag-apruba ng Lungsod ng Chicago ng mga produkto, serbisyo, o opinyon ng korporasyon o organisasyon o indibidwal. Walang hinahawakang responsibilidad ang Lungsod ng Chicago para sa katiyakan, pagiging legal, o nilalaman ng panlabas na site o nilalaman ng mga sumusunod na link. Makipag-ugnayan sa panlabas na site para sa sagot sa mga katanungan tungkol sa nilalaman nito.